5

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5**
**Kuwarter 1: Aralin 4, (Linggo 4)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**
**Kirstie Jane C. Del Mundo**
Pio Valenzuela Elementary School

**Tagasuri**
**LIZA T. BACIERRA**
Leyte Normal University

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**GMRC, KUWARTER 1, BAITANG 5**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit-Teknolohikal |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Mga wastong paraan ng sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal bilang tanda ng pagiging masinop. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naipakikita ang pagiging masinop sa pamamagitan ng paggugol ng sapat na panahon at lakas sa pagtatapon o pagreresiklo ng mga gamit-teknolohikal nang may pagsasaalang-alang sa kaligtasan at kakayahan<br>a. Nakapaghahayag ng mga wastong paraan ng sariling pamamahala sa mga patapong gamit- teknolohikal<br>b. Nahihinuha na ang sariling pamamahala sa mga patapong gamit- teknolohikal ay pagtitiyak ng kaligtasan at kalusugan ng kalikasan at tao<br>c. Nailalapat ang mga wastong paraan ng sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal |
| **C. Nilalaman** | Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit -Teknolohikal<br>1. Mga Hakbang para Matugunan ang Hamon sa Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit – Teknolohikal<br>2. Wastong Pagtatapon ng Gamit – Teknolohikal<br>3. Segregasyon sa mga Patapong Gamit – Teknolohikal |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Masinop (*Prudent*) |
| **E. Integrasyon** | 3Rs sa pangangasiwa ng pagtapon na basura |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| https://ourhappyschool.com/Mga-wastong-paraan-ng-sariling-pamamahala-sa-mga-patapong-gamit-teknolohikal?fbclid=IwAR1aeSUKnlOpqPnmYu33YkaTygRiX4Ogw7_0EknXs8-UYmLJRhtmyvpHHSw |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br>Sagutin ang tanong.<br>1. Ano ang kahalagahan ng pag-iimpok?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Bilang bata kung kayo ay nakapag-impok na, ano ang nais niyong gawin sa naipon niyo? May gusto ba kayong bilhin?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng kanilang mga sagot.<br><br>Palabasin sa mga bata ang sagot na gusto nilang bilhin ay mga gamit-teknolohikal |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Hanapin at bilugan sa *crossword puzzle* ang sumusunod na mga salita.

*laptop, cellphone, tablet, camera, headphone, mouse, keyboard*

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | D | E | C | A | M | E | R | A | M |
| R | N | N | E | B | N | A | S | C | N |
| A | N | O | D | M | O | U | S | E | O |
| O | O | H | C | B | Q | A | S | D | P |
| B | P | P | O | T | P | A | L | F | Q |
| Y | P | D | O | A | C | E | X | G | R |
| E | K | A | L | B | N | E | Z | I | S |
| K | C | E | L | L | P | H | O | N | E |
| Y | K | H | M | E | N | U | X | J | Y |
| E | N | N | M | T | N | U | T | J | U |

Ano ang tawag natin sa mga gamit na ito? Alamin ang sagot sa pamamagitan ng paglagay ng mga nawawalang salita sa patlang.

**_AM_T TE_NO_OHIK_L**

___________________________


**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Hanapin ang kahulugan ng mga salita sa kaliwa.

1. 3R's

A. Ang ________ ay gawing panibagong materyal o gamit ang isang patapong bagay.

Mga Sagot:



Tamang Sagot:

**GAMIT-TEKNOLOHIKAL**

Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng kanilang nalalaman tungkol sa mga salitang ito.

| | | |
|---|---|---|
| | 2. *Recycle*<br><br>3. masinop<br><br>4. segregasyon<br><br>5. reuse | Mga Tamang Sagot:<br>1. *Reduce, Reuse, Recycle*<br>2. Ang *recycle* ay gawing panibagong materyal o gamit ang isang patapong bagay.<br>3. masinop- Pagiging maingat o malinis lalo na sa mga bagay na maaari pang mapakinabangan.<br>4. paghihiwa-hiwalay<br>5. paggamit muli |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1:** Mga Hakbang para Matugunan ang Hamon sa Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit – Teknolohikal<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Hindi maikakaila na sa panahon ngayon, lahat tayo ay mayroon ng mga gamit-teknolohikal. Ang mga kagamitan na ito ay matatawag na nating "*needs*". Isa sa mga pinakaginagamit natin ay ang *cellphon*e. Kahit bata ay mayroon ng sarili o marunong ng gumamit ng *cellphone*. Iba pang halimbawa ay ang mga *laptop, tablet, digital camera at headphones*.<br><br>Lahat ng ito ay nakatutulong upang mapagaan at mapabilis ang ilan sa ating mga gawain sa araw-araw. Nakatutulong rin ito upang mapadali ang ating komunikasyon lalo na sa mga taong malayo sa atin. Ngunit kung ang mga ito ay may mga sira o luma na, ano na kaya ang maaari nating gawin? Paano natin masasabi na ang isang gamit-teknolohikal ay hindi na maaaring gamitin?<br><br>Sa pagkakaroon ng tao ng mga gamit-teknolohikal ay may mga hamon siyang kinakaharap kung paano ito pangangalagaan at gayundin kung ito ay patapon na. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Ilan sa mga hamon na kinakaharap natin sa sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal ay ang di pagsisinop sa mga gamit na ito. Hindi rin alam kung paano ito itatapon o iimbak kung ayaw pa itong itapon.<br><br>Ang sumusunod ay ilan sa mga hakbang upang matugunan natin ang hamon sa sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal:<br><br>1. Iwasan ang paglalagay ng mga gamit-teknolohikal kahit saan.<br>2. Maging masinop.<br>3. Maging masipag sa pagbabasa kung paano ang tamang pagtatapon ng mga gamit-teknolohikal<br>4. Alamin ang mga tamang lugar kung saan maaaring ilagay ang mga gamit-teknolohikal.<br>5. Gawin ang 3Rs (*reduce, reuse at recycle*)<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>Pumili ng tatlong (3) hakbang upang matugunan natin ang mga hamon sa sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal. Isulat ito sa *graphic organizer* at ilagay sa ilalim ang paliwanag para sa bawat isa. | Maaaring sundan ng mga bata ang halimbawa sa unang kolum. |

| Mga Hakbang Upang Matugunan ang Hamon sa Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit Teknolohikal | | |
|---|---|---|
| Iwasan ang paglalagay ng mga gamit-teknolohikal kahit saan. | | |
| Maglaan lamang ng isang lugar na paglalagyan ng mga patapong gamit-teknolohikal. Siguraduhin na ito ay ligtas sa anumang sakuna na maaaring mangyari dulot ng mga materyales nito. | | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Sagutin ang tanong.
Paano natin maipapakita ang 3R's sa mga patapong gamit-teknolohikal?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Kaugnay na Paksa 2:** Wastong Pagtatapon ng Gamit – Teknolohikal

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ano ang dapat nating gawin kung sakaling masira ang ating mga gamit-teknolohikal?

Basahin natin ang maikling talata.

Masaya ang batang si Blas nang sumapit ang araw ng Pasko. Nakaipon siya ng pera na galing sa kaniyang mga ninong at ninang. Idinagdag niya ito sa kaniyang naipon upang makabili ng *tablet*. Ito ang kaniyang panagarap na mabili sa kaniyang naipon.

Lumipas ang isang taon at binilhan siya ng bagong *tablet* ng kaniyang tatay na nasa ibang bansa. Napaisip siya kung ano ang gagawin niya sa kaniyang lumang *tablet*. Nanghihinayang rin siya dahil ito ay gumagana pa naman. Pinayuhan siya ng kaniyang ina na i-*donate* na lamang ito sa mga organisasyon o institusyon na tumatanggap ng mga lumang gamit-teknolohikal.

Mga Tanong:

1. Maganda ba ang ipinakitang pag-iipon ni Blas upang mabili niya ang kaniyang gusto? Bakit?
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

2. Ano ang masasabi mo sa payo ng kaniyang ina?
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

3. Masasabi mo bang masinop si Blas? Bakit?
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

Maaari ba kayong magbigay muli ng mga halimbawa ng gamit-teknolohikal?

Ano ang maaari nating gawin sa mga ito kung ito ay patapon na?

| | | |
|---|---|---|
| | Narito ang ilang mungkahing hakbang ukol sa sariling pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal:<br><br>1. Paggamit Muli o *Reuse*<br><br>Kung ang patapong-gamit teknolohikal ay nasa magandang kondisyon pa, maaari pa itong magamit ng iba. Puwede natin itong ibigay sa mga nakababatang kapatid, pinsan, kapitbahay o kaklase na nangangailangan. Maaari din natin itong gawing donasyon sa mga organisasyon o institusyon na tumatanggap ng mga ganitong bagay.<br><br>2. Pag- *recycle*<br><br>May mga tatak ang gamit-teknolohikal kung saan ipinapadala nila sa kanilang mga tindahan o puwesto ang kanilang mga lumang gamit- teknolohikal. Kung minsan ay may kapalit rin ito na bagong gamit-teknolohikal.<br><br>3. Alamin ang Tamang Paraan ng Pagtatapon<br><br>Mayroong iba't ibang paraan ng tamang pagtatapon ng iba't ibang gamit-teknolohikal. Mahalagang malaman ang tamang paraan na ito upang maiwasan ang iba't ibang panganib, maaaring sa ating kalusugan o sa ating kapaligiran. Maaari tayong magtanong sa ating mga magulang, guro o tumingin sa *internet*.<br><br>4. Pagbasa sa mga Direksyon<br><br>Bukod sa mga nakalagay na tamang paggamit ng mga gamit-teknolohikal ay may mababasa rin tayo sa mga kahon nito na tamang pagtatapon o pag-iimbak. Isa sa mga ito ay ang pag-alis ng baterya bago ito itapon.<br><br>5. Pagsangguni sa Awtoridad<br><br>Maaaring sumangguni sa barangay o *city hall* kung walang malapit na *recycling center* ukol sa tamang paraan ng pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal.<br><br>6. Pagtatago ng mga Patapong Gamit-Teknolohikal | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit/Ebalwasyon**<br><br>Isulat ang **Tama** kung ang sumusunod na pahayag ay nagsasalaysay ng tamang pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal at **Mali** kung hindi.<br><br>________ 1. Hinahayaan ko lang ang mga personal kong impormasyon sa aking *cellphone* na ibibigay ko sa aking kaibigan.<br>________ 2. Binabasa ng mabuti ni Athena ang direksyon kung paano ang wastong pamamahala sa mga patapong gamit-teknolohikal.<br>________ 3. Hinahayaan ni Joydy na kung saan-saan lang nakalagay ang kaniyang lumang *tablet*.<br>________4. Alam naman ni Aldhen na magagamit pa ang lumang *cellphone* niya. Ngunit ito ay hinayaan niya lang na masira at di na mapakinabanagn ng iba. | Mga sagot:<br>1. MALI<br>2. TAMA<br>3. MALI<br>4. MALI<br>5. TAMA<br>6. TAMA<br>7. TAMA<br>8. TAMA |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">

________5. Hindi alam ng pamilyang Miramonte kung saan puwedeng ilagay ang kanilang mga patapon na gamit-teknolohikal. Pumunta sila sa barangay at tinanong ito sa kinauukulan.<br>
________6. Maaari nating paghiwa-hiwalayin ang mga patapong gamit-teknolohikal.<br>
________7. Ni-*log out* ni Niel ang lahat ng kaniyang account sa *social media* bago ibigay ang pinaglumaang *ipad* sa kaniyang pinsan.<br>
________8. Maging masinop sa pamamahala sa mga patapon na gamit-teknolohikal.<br>
________9. Maglaan ng panahon upang magawa ang tamang pamamamhala sa mga patapong gamit-teknolohikal.<br>
________10. Siguraduhing nakatago sa ligtas na lugar ang mga di na ginagamit na gamit-teknolohikal.<br>
<br>
**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>
<br>
Nagawa mo na bang ibigay sa iyong nakababatang kapatid, pinsan o kapitbahay ang pinaglumaan mong gamit-teknolohikal? Ano ang iyong naramdaman? Ano ang naramdaman ng iyong pinagbigyan? Humanda sa pagbabahagi sa susunod na pagkikita.
</td>
<td>9. TAMA<br>10. TAMA</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">***B.* Pagbuo ng Anotasyon**</td>
<td>**Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.**</td>
<td>**Epektibong Pamamaraan**</td>
<td>**Problemang Naranasan at Iba pang Usapin**</td>
<td rowspan="3"></td>
</tr>
<tr>
<td>***Estratehiya***</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>***Kagamitan***</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Kirstie Jane C. Del Mundo*** | ***Sinuri ni: Liza T. Bacierra*** |
| ***Institusyon: Pio Valenzuela Elementary School*** | ***Institusyon: Leyte Normal University*** |